



Agricultural Training Institute—MiMaRoPa
 Information Services Section
 Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

-  (+63) 939-9166-473 / (+63) 917-843-2654
-  www.ati.da.gov.ph/mimaropa
-  atibarcenaga@yahoo.com
-  [ati-mimaropa naujan](https://www.facebook.com/ati-mimaropa-naujan)
-  [ati-mimaropa naujan](https://www.instagram.com/ati-mimaropa_naujan)
-  [@atimimaropa](https://twitter.com/atimimaropa)



GABAY SA PRODUKSYON NG ADLAY

Isa sa mga layunin ng Kagawaran ng Pagsasaka (Department of Agriculture) ay ang magkaroon ng sapat na pagkain ang bawat Pilipino kung saan ang Adlay ay isinusulong upang maging isang pangunahing pagkain bukod sa bigas.

Ano ang Adlay?

- Ang Adlay (Coix lacryma-jobi) ay tinatawag na Job's Tears dahil sa hugis luha nitong mga butil. Ito ay kabilang sa pamilya ng mga damo kung saan kabilang din ang palay, mais, at trigo. Ito ay tumataas ng 1-3 metro at may pahabang mga dahon.
- Inaani sa loob ng 5-6 na buwan.
- Ang uri ng adlay na may malambot na balat ang siyang kinakain noong unang panahon. Samantalang, ang adlay na matigas ang balat ay kalimitang matatagpuan sa kagubatan at itinuturing na damo.



Mga Gamit at Benepisyo

A. Bilang Pagkain

- Ang mga butil nito ay niluluto sa paraang katulad ng sa bigas, maja blanca, sinukmani, suman at iba pang kakanin.
- Ang bigas na adlay ay ginagawang harina na ginagamit sa paggawa ng tinapay at mga lugaw.
- Ang bigas na adlay ay maari ring gawing tsaang, kape, at alak.



G. Pagtutuyo, Pag-iimbak at Paggigiling

Tuyuin ang mga adlay na may 13 porsyento halumigmig at ilagay sa imbakan. Ang imbakan o storage ay kinakailangang ligtas sa mga mapanirang hayop katulad ng daga at iba pang peste.



Pinakamainam na gilingin ang mga butil kung ito ay may 12-13 porsyento ng halumigmig. Sa paggigiling ay nasa 50 porsyento ng bigas ang makukuha.



H. Pagraratoon

Ang pagraratoon ay ang pagpuputol ng halaman ng adlay matapos mag-ani. Putulin ang halaman sa taas na isang piye (foot) mula sa ibabaw ng lupa at pasuluyin.

Ito ay maaring gawin 3-4 na beses pagkatapos ng kada isang pag-aani. Kinakailangan din ang tamang pag-aalaga tulad ng unang tanim.



D. Pagsugpo sa Damo

Tatlumpung (30) araw simula maitanim, isagawa ang pagtatastas (off-barring) upang mapigilan ang pagtubo ng mga damo sa pagitan ng mga tudling.

Sa ika-animnapung (60) araw matapos magtanim, padaanang muli ng araro pasampay (hilling-up) upang masugpo ang pagtubo ng damo. Kung may natira pang mga maliliit na damo sa pagitan ay bunutin na lamang ng kamay.



E. Pagpapatubig



Ang lupa ay kinakailangang basa sa panahon ng pagtatanim. Diligan ang taniman sa panahong kinakailan ng lupa ang tubig lalo sa tag-araw.

F. Pag-aani

Anihin ang adlay 5-6 buwan matapos itanim o 80 porsyento ang hinog na butil ng mga halaman. Putulin ang mga magugulang na uhay at ilagay sa sako. Gumamit ng paa bilang pang giik o tresher upang maghiwa-hiwalay ang butil sa mga uhay at dahon.



B. Pakain sa Hayop

- Ang dahon ng adlay ay ginagamit na pakain sa mga hayop tulad ng baka, kalabaw, at iba pa.
- Ang bigas ng adlay ay inihahalo sa mga pakain (feed ingredient) ng hayop.

C. Bilang Medisina

- Ang adlay ay nakapagpapasigla at nakakapagpaganda ng daloy ng dugo.
- Ito rin ay pinagkukunan ng pampaganda at pampalakas ng ating katawan.
- Sa Tsina, ito ay kadalasang ginagamit na panlunas sa masasakit at naninigas na kasu-kasuan.
- Ang mga bunga nito ay ginagamit bilang gamot sa mga tumor sa sikhura, lalamunan, bituka, kanser sa baga, at pati na rin sa mga kulugo o butlig.
- Ang bunga nito ay gamot sa pamamaga, pampababa ng lagnat, panlinis laban sa impeksyon, pananakit ng kalamnan, pampababa ng *sugar (diabetes)*, para sa tumataas ang presyon ng dugo, pampakalma (*tranquilizing drug*), at pantanggal ng bulate (*vermifuge*).
- Ang buto kapag naalis ang balat ay gamot sa rayuma at pampaihi (*diuretic*).
- Ang tsaa mula sa pinakuluang buto ay iniinom upang gamutin ang kulugo.
- Ang ugat ay ginagamit ng mga kababaihan bilang lunas sa sakit na dulot ng buwanang dalaw (*menstrual disorder*).

D. Bilang Aksesorya

- Ang mga butil nito ay ginagawang mga palamuti tulad ng pulseras, kwintas, kurtina, rosaryo, at iba pa.



Katangian ng Adlay

Taas	250-300 sentimetro
Uhay	Ang bawat isang uhay ay may kakayahang magprodyus ng 15 butil
Sanga	Ang bawat isang sanga ay may kakayahang magkaroon ng 250 gramo ng tuyong butil (hindi pa nagiling)
Suwi	Kayang mgprodyus ng <i>brace roots</i> (ugat sa buko) kahit na sa ikaapat na buko (doble sa mais). Kayang magkaroon ng 12 suwi kada halaman
Maturity	Sa mga kababaang lugar, maaari nang anihin pagkatapos ng 4 hanggang 6 na buwan
Ani	2,000 kg – 4,000 kg kada ektarya. Kada tundos (hill) ay kayang magprodyus ng 5,400 na butil. Ang ratooning ay maaaring mula 2 hanggang 3 beses

Potensyal ng Adlay

- Matibay sa tuyot at ulan
- Tumutubo kahit sa hindi matabang lupa
- Maliit ang gastos (isang beses lang ang paghahada ng lupa at pagtatanim, 3-5 ang ani)
- Hindi kailangan ng irigasyon
- Masustansya

Mga Uri o Barayti ng Adlay

Ang mga katutubo sa katimugan ng Pilipinas ay may apat na uri nito. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Gulian – puti
2. Tapol – lila
3. Ginampay – balat
4. Pulot – puti, malagkit



GABAY SA PRODUKSYON NG ADLAY

Mga Gawain Bago Magtanim

A. Paghahanda ng Lupa

Araruhin at suyurin ang lupa ng dalawang beses (2) at lagyan ng tudling na may sukat na 90 sentimetro ang agwat bawat pagitan.



B. Pagtatanim



Maglagay ng dalawang toneladang organikong pataba sa kahabaan ng mga tudling kada ektarya. Magtanim ng 2-3 piraso o butil ng binhi na may agwat na 60 sentimetro at tabunan ng lupa. Ang isang ektaryang taniman ay nangangailangan ng 10 kilo ng buto ng adlay.

C. Pagbabawas ng Tanim

Labinlimang araw (15) matapos tumubo, bunutin ang ibang halaman at magtira lamang ng dalawang tubo kada tanim.

Ginagawa ito upang maiwasan ang pag-aagawan ng sustansya sa lupa at sikat ng araw.

